
2

# MTB-MLE

## Ikalawang Markahan – Modyul 4: Pag-unawa at Pagsagot sa Literal na Antas ng Pagtatanong



CO_Q2_MTB-MLE 2_ Module 4

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Mother Tongue – Multilingual Education – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 4: Pag-unawa at Pagsagot sa Literal na Antas ng Pagtatanong**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | May-Ann D. Martinez, Geraldine D. Meru |
| **Editor:** | Arnold S. Galvez, Roselyn T. Salum, Mark G. Asuncion<br>Cherry Lou O. Calison, Marie Ann C. Ligsay |
| **Tagasuri:** | Beverly T. Mangulabnan, Marie Ann C. Ligsay |
| **Tagaguhit:** | May-Ann D. Martinez |
| **Tagalapat:** | May-Ann D. Martinez |
| **Tagapamahala:** | Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio, Ma. Editha R. Caparas,<br>Nestor Nuesca, Jayne M. Garcia, Beverly T. Mangulabnan,<br>Eleanor A. Manibog |

**Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng** ______________________

**Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon III**

Office Address: Matalino St., Diosdado Macapagal Government Center,
Maimpis, City of San Fernando (P)
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

2

# MTB-MLE

## Ikalawang Markahan – Modyul 4: Pag-unawa at Pagsagot sa Literal na Antas ng Pagtatanong

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## Alamin

Ang aralin na ito ay espesyal na inihanda para sa iyo upang malinang ang iyong kasanayan.

Pagkatapos ng araling ito, mahuhubog ang iyong kakayahan sa pakikipagtalastasan; mapaunlad ang kasanayan sa pag-unawa sa binasa sa pamamagitan ng hinuha sa posibleng katapusan ng kanilang binasa o dayalogo, inaasahang:

1. naunawaan at nasagot ang literal na antas ng pagtatanong at
2. natalakay din dito ang mga halimbawa ng di-pamilyar na salita.

(MT2OL-IId-e-6.3)

## Subukin

**Panuto:** Piliin at isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Dumating ang lolo at lola mo galing sa kanilang Probinsya. Ano ang dapat mong sabihin?
   A. Pagtatawanan sila.
   B. Bakit kayo narito?
   C. Magmamano at sasabihing, kumusta po kayo!
   D. Hindi papansinin.

2. Nakita mong parating ang nanay mo galing sa palengke at may dala siyang mabigat na bagay na binili nya sa palengke. Ano ang maaari mong gawin?
   A. Tatanungin ko kung kumain na ba siya?
   B. Tutulungan ko ko siya.
   C. Kunwari hindi ko siya nakikita.
   D. Pagalitan siya at tatanungin siya kung bakit ngaun lang siya dumating?

3. Binilhan ng tatay mo ng iyong kapatid ng bagong sapatos. Ano ang gagawin mo?
   A. Magiging masaya para sa kapatid
   B. Kukunin ko ang sapatos.
   C. Bakit hindi mo ako binilhan ng sapatos?
   D. Tatay ibilhan mo rin ako ng sapatos kahit wala tayo sapat na pera.

4. Nagpapaturo ng takdang-aralin ang iyong kapatid. Ano ang iyong gagawin?
   A. Huwag siyang papansinin.
   B. Tuturuan ko siya.
   C. Aawayin ko.
   D. Sasabihin ko na hindi ko alam.

5. Nakagawian na ng iyong pamiya na magdasal bago kayo kumain. Ano ang gagawin mo?
   A. Kakain na at hindi magdadasal.
   B. Magdadasal muna bago kumain.
   C. Pagtatawanan sila habang nagdadasal.
   D. Huwag silang pansinin.

# Aralin 1 — Pag-unawa at Pagsagot sa Literal na Antas ng Pagtatanong

Sa panahon ng sakuna o karamdaman na dulot ng pandemikong krisis na kinakaharap ng bawat pamilyang Pilipino ay naroon parin ang kaugaliang nagmamalasakitan at nagkakakiisa. Hindi nawawala sa mga bata ang naituturo ng kanilang magulang at guro, ang pagmamahal at pagmamalasakit sa kapwa.

## *Balikan*

**Panuto:** Isulat sa sagutang papel kung ang mga sumusunod na pangungusap ay tumutukoy sa Simili o Metapora.

1. Ang ating ina ay ang ilaw ng tahanan.
2. Ang kaniyang pangarap ay isang punong napakataas.
3. Ang kaniyang mundo ay kasing kulay ng mga krayola.
4. Si Ama ang haligi ng tahanan.
5. Sa panahon ng pandemya, ang mamamayan ay tila nakakulong dahil sa pag-iwas sa nakakahawang sakit.

## Tuklasin

Ang layunin ay mapaunlad ang kasanayan sa pag-unawa at pagsagot sa literal na antas ng Pagtatanong na ginagamit sa dayalogo.

Ang dayalogo ay nagsisilbing daan upang ang bawat isa sa atin ay magkaroon ng ugnayan. Ang dayalogo ang tumutulong sa atin para maibahagi natin ang mga bagay o kaalaman na gusto nating iparating sa ating kapuwa. Sa pamamagitan nito ay madali nating ipahiwating ang ating nararamdaman.

Di Pamilyar na Salita- ang tawag sa mga salitang hindi karaniwang ginagamit sa pang araw-araw na komunikasyon o pakikipag-usap
Halimbawa:
Kalupi-pitaka
Piging-handaan
Katoto-kaibigan





Ang sumusunod ay ilan lamang sa halimbawa ng di-pamilyar na salita:

Halimbawa ng **di-pamilyar na salita**:

1. Polyeto- isang papel na naglalaman ng mga impormasyon
2. Salipawpaw- ibang salita para sa sasakyang panghimpapawid na tulad ng eroplano
3. Alibugha- iresponsable at waldas
4. Badhi- guhit ng palad ng isang tao
5. Talaksan- tumutukoy sa isang dokumento.



# *Suriin*

**Panuto:** Piliin sa kahon ang mga larawan na nagpapakita ng magagandang katangian ng isang batang may malasakit sa kapuwa. Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

a. 

b 

c. 

d. 

e.  .

________ 1. paghalik sa magulang
________ 2. nagdarasal
________ 3. tumutulong sa paglilinis
________ 4. nagbabahagi ng pagkain
________5. nag-aaral ng mabuti

## *Pagyamanin*

**I. Panuto:** Tukuyin ang maaaring mangyari mula sa dayalogo sa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. **Nanay:** Alita pagkatapos ng misa ay mamasyal tayo sa parke
   **Alita:** Yehey! Salamat po Inay at Itay.
   **Tatay:** Parang makulimlim ang kalangitan.

Sagot: ______________________________________________
______________________________________________.

2. **Lorna:** Napakarami mong tanim na gulay lolo Isko.
   **Lolo Isko:** Oo apo may kamatis, talong, ampalaya, okra, kamote, at sitaw.

Sagot: ______________________________________________
______________________________________________.

3. **Jessa:** Wow ang gaganda ng mga bulaklak, ibibigay ko ito kay Ina.
**Aling Malou:** Naku! Anong ginagawa mo sa bulaklak ko Jessa?

Sagot: ________________________________________

________________________________________

4. **Alex:** Kuya, pwede mo ba ako tulungan sa aking Aralin?
**Rico:** Halika na Alex gawin na natin ang iyong Takdang-Aralin.

Sagot: ________________________________________

________________________________________.

**II. Panuto:** Basahin ang bawat sitwasyon. Isulat sa sa sagutang papel ang hinuhang mangyayari.

1. May sakit si Ramon kaya pinainom siya ng gamot at inaalagaan siya ng kanyang ina, ama at kapatid.



Sagot: ________________________________________

________________________________________.

2. Tuwing Sabado ay maagang gumigising si ate upang maglinis ng bahay.



Sagot: ________________________________________
__________________________________________________.



## *Isaisip*

- Ang Pagdadayalogo o pagsagot sa mga sitwasyon ay may iba't-ibang nakalaan na maaaring sagot.
- Nang dahil dito nagkakaroon tayo ng pagkakataon na makilala natin ng lubos ang ating kapuwa.

## *Isagawa*

**Panuto:** Pag-aralan ang larawan sa ibaba. Ano ang ginagawa ng mga bata? Ano kaya ang maaring mangyari? Bumuo ng pangungusap at isulat ito sa inyong sagutang papel.



Sagot: ______________________________________________

__________________________________________________________

__________________________________________________________.



# Tayahin

**Panuto:** Basahin at unawaain ang kuwento at magbigay ng hinuha tungkol dito. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

## Ang Panaginip ni Dora

ni Geraldine D. Meru



Maagang nakauwi si Dora sa kanilang bahay galing sa kanilang Paaralan. Pagdating niya sa kanilang bahay sinabihan niya ang kanyang nanay na magluto ng maaga dahil nagugutom na siya." Dora kumain ka kasi ng mga gulay para hindi ka laging nagugutom, puro kasi hotdog at karne ang iyong kinakain", sagot ng kanyang ina. Pero hindi nakikinig si Dora sa sinasabi ng kaniyang ina. Pagkatapos kumain ay nakatulog siya ng maaga dahil sa pagod galing eskwela. Habang siya ay natutulog, bigla nalang siyang sumigaw dahil napanaginipan niya na hinahabol siya ng mga gulay. Siya ay nagising na hingal na hingal at takot na takot.

Sagot: ____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

## *Karagdagang Gawain*

I. Panuto: Basahing ang kwento sa ibaba. Itala ang mga di-pamilyar na mga salita sa sagutang papel.

**Libre ang Mangarap**
ni May-Ann D. Martinez

Isang masayahing bata si Mara. Marami ang humahanga sa kanya dahil marami siyang mga kaibigan. Isa siyang uliran sa kanilang pamayanan dahil musmos pa lamang siya ay marunong na siyang tumulong sa kanyang mga magulang sa mga gawaing bahay tulad ng paghuhugas ng pinggan, baso at kubyertos. Inaayos din niya ang mga salumpuwit pagkatapos nilang kumain.

Sa kanyang murang edad ay mayroon na siyang kuwaderno na pinagsusulatan niya ng kanyang mga takdang gawain. Lagi siyang nakaupo sa kanilang durungawan at naghihintay na may dumaang salipawpaw dahil pangarap niyang makasakay dito.

Bata pa lamang, marami na siyang mga gusto paglaki niya tulad ng maging isang istuwardes, magkaroon ng magandang trabaho, makapamasyal sa iba't ibang dako ng mundo at upang makatulong sa kanyang pamilya at maiahon sila sa kahirapan.

Sagot: ____________________________________________

____________________________________________________

____________________________________________________

# Susi sa Pagwawasto

**Balikan**

1. Simili
2. Metapora
3. Simili
4. Metapora
5. Simili

**Subukin**

1. c
2. b
3. a
4. b
5. b

**Suriin**

1. a
2. e
3. b
4. c
5. d

**Pagyamanin**

I. Pagbibigay hinuha sa maaaring mangyari mula dayalogo.

II. Pagbibigay hinuha sa maaaring mangyari mula sa sitwasyon.

**Tayahin**

Pagbibigay hinuha sa maaaring mangyari mula sa maikling kwentong " Ang Panaginip ni Dora".

**Karagdagang Gawain**

musmos

kubyertos

salumpuwet

kwaderno

salipawpaw

# *Sanggunian*


Department of Education. 2020. "Most Essential Learning | Search Results | Department of Education". Deped.Gov.Ph. Acessed date July 31, 2020 https://www.deped. gov.ph/?s=most +essential+learning.

DepEd Order No 30, s. 2019. 2020. The Department of Education Manual of Style. Ebook. Pasig City: Public Affairs Service-Publications Division Department of Education Central Office. Accessed July 10, 2020. https://www.deped.gov. ph/wp-content/uploads/2019/10/DO_s2019_030-2.pdf.

Urbien-Salvatus, Grace, Arit-Soner, Babylen, Casao-Santos, Nida and Pesigan-Tiñana, Rianne. 2013. Kagamitan ng Mag-aaral Mother Tongue-Based Multilingual Education 2. Pasig City. DepEd

Urbien-Salvatus, Grace, Arit-Soner, Babylen, Casao-Santos, Nida and Pesigan-Tiñana, Rianne. 2013. Patnubay ng Guro ng Mother Tongue-Based Multilingual Education 2. Pasig City. DepEd

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph